

Frequently Asked Questions GSIS Multi-Purpose Loan Plus

1. Bakit binuksan ang Multi-Purpose Loan (MPL) Plus?

Inilunsad ang MPL Plus para makapagbigay ng karagdagang loan window sa mga miyembro ng GSIS upang matugunan ang kanilang pangangailangang pinansyal.

Sa MPL Plus, mas marami pang GSIS members ang mabibigyan ng pagkakataon mabayaran ang kanilang GSIS loans lalo na kung ito ay in-default o hindi nabayaran ang amortizations ng higit sa 6 na buwan.

Pwedeng i-restructure ng GSIS members ang kanilang in-default loans para hindi na lumaki ang penalties na ibabawas sa kanilang future benefits tulad ng retirement.

2. Kailan ang opening ng MPL Plus?

Ang opening ng MPL Plus ay nakatakda sa April 23 2022.

3. Ano-ano ang mga binago sa MPL program sa ilalim ng MPL Plus?

Sa ilalim ng MPL Plus, mas mahaba ang loan term; mas maluwag ang qualifications ng borrowers; at standard na ang interest rate para sa lahat ng borrowers. Ang mga pagbabagong ito ay tugon ng GSIS sa mga natanggap na feedback mula sa mga miyembro patungkol sa implementasyon ng naunang MPL.

Mula sa dating Php3 million maximum loanable amount sa ilalim ng MPL, itinaas na ito sa Php5 million sa MPL Plus, depende sa period with paid premiums (PPP), basic monthly salary (BMS), at employment status ng member.

Pinahaba rin ang payment term sa 10 taon mula sa naunang 7 taon para sa permanent employees na may 10 taong PPP o higit pa. Para sa non-permanent employees na hindi bababa sa 15 taon ang PPP, 9 taon naman ang maximum payment term mula sa dating 5 taon.

Pwede na ring mag-apply ng MPL Plus ang active members na may GSIS Financial Assistance Loan arrears (hindi nabayaranang amortizations na 6 na buwan pababa).

4. Sino ang pwedeng mag-apply ng MPL Plus?

Pwedeng mag-apply ng MPL Plus ang regular members (permanent at non-permanent) at special members na:

- a. hindi naka-leave of absence without pay;
- b. may 3 buwang premium payments o higit pa;
- c. walang nakabinbing administrative o criminal case;
- d. hindi suspended ang status ng kanilang ahensya;
- e. hindi in-default (walang bayad ng higit na anim na buwan) ang GSIS Financial Assistance Loan;
- f. hindi bababa ang net take-home pay sa halagang itinakda ng General Appropriations Act matapos ibawas ang lahat ng monthly obligations; at
- g. nagta-trabaho sa ahensyang may memorandum of agreement (MOA) on MPL/GFAL sa GSIS.

5. Anong benepisyo ang makukuha ng member na mag-aaply ng MPL Plus?

Gaya ng naunang MPL, may one-time waiver ng outstanding surcharges sa due and demandable GSIS loan accounts na ico-consolidate sa MPL Plus. Maiiwasan din ng borrowers na lumaki ang penalties sa kanilang GSIS loans na pwedeng ibawas sa kanilang future benefits tulad ng retirement benefit.

6. Anong loans ang ico-consolidate sa MPL Plus?

Iko-consolidate ang sumusunod na GSIS loans sa MPL Plus:

- a. Salary Loan;
- b. Restructured Salary Loan;
- c. Enhanced Salary Loan;
- d. Emergency Loan Assistance;
- e. Summer One-Month Salary Loan;
- f. Conso-Loan Plus / Enhanced Conso-Loan Plus;
- g. Member's Cash Advance / eCard Cash Advance / eCard Plus Cash Advance;
- h. Home Emergency Loan Program (HELP);
- i. Educational Assistance Loan I and II;
- j. Study Now, Pay Later;
- k. Fly PAL, Pay Later; at
- l. Stock Purchase Loan.

7. Kasama ba ang loan balance sa emergency loan sa ibabawas sa MPL Plus proceeds?

Kung updated ang iyong emergency loan (EML) account, hindi isasama ang outstanding EML balance sa ico-consolidate sa MPL Plus. Ikakaltas lang ang EML kung ito ay in-arrears (hindi nababayaran ng hanggang 6 na buwan) o in-default (hindi nababayaran ng higit sa 6 na buwan).

8. Bukod sa EML na updated ang bayad, anong GSIS loan ang hindi ico-consolidate sa ilalim ng MPL Plus?

Hindi rin sakop ng MPL Plus ang housing at policy loans. Hindi rin kasama sa MPL Plus ang mga bagong loan programs ng GSIS katulad ng Computer Loan at GFAL Educational Loan.

9. Magkano ang pwedeng utangin sa MPL Plus ng regular members?

Tulad ng naunang MPL, ang maximum loanable amount ay depende sa PPP, BMS, at employment status ng member. Pero sa MPL Plus, itinaas pa sa Php5 million ang "cap" ng maximum loanable amount mula sa dating Php3 million.

PPP	Permanent without Term/Tenure	Non-Permanent and Permanent with Term/Tenure
At least 3 mos. but less than 20 mos.	1 x BMS	--
At least 20 mos. but less than 3 years	3 x BMS	3 x BMS
At least 3 years but less than 5 years	4 x BMS	4 x BMS
At least 5 years but less than 10 years	7 x BMS	7 x BMS
At least 10 years but less than 15 years	10 x BMS	10 x BMS
At least 15 years and over	14 x BMS	14 x BMS

Halimbawa, kung ang basic monthly salary (BMS) ng isang permanent regular member ay Php450,000.00, at ang kanyang period with paid premiums (PPP) ay 17 years, ang kanyang maximum loanable amount ay Php5,000,000.00 lang at hindi Php6,300,00.00 (o 14 times ng kanyang BMS na Php 450,000.00).

10. Qualified din ba sa MPL Plus ang special members tulad ng judges at justices? Magkano ang pwede nilang i-avail?

Oo, pwedeng mag-MPL Plus ang special members na nasa agencies na may MOA with GSIS. Maaari rin silang umutang ng halagang katumbas ng 14 times ng kanilang BMS ngunit hindi lalagpas sa Php5 million.

11. Magkano ang interest rate ng MPL Plus?

Ang uniform interest rate para sa lahat ng borrowers ay 7% per annum computed in advance.

12. Ilang taon babayaran ng borrower ang MPL Plus?

Para sa regular members, pwedeng bayaran ng 2 hanggang 10 taon ang MPL Plus depende sa PPP at employment status ng borrower sa pamamagitan ng monthly salary deduction.

PPP	Permanent without Term/Tenure	Non-Permanent and Permanent with Term/Tenure
At least 3 mos. but less than 20 mos.	3 years	--
At least 20 mos. but less than 10 years	5 years	2 years
At least 10 years but less than 15 years	10 years	5 years
At least 15 years and over		9 years

Sa members na may HELP accounts na na-consolidate sa ilalim ng MPL Plus, pwede itong bayaran ng hanggang 10 taon, depende sa kanilang PPP.

PPP	Loan Term (in years)
At least 3 mos. but less than 20 mos.	3 years
At least 20 mos. but less than 10 years	5 years
At least 10 years and over	10 years

Para naman sa special members na may MOA with GSIS, pwedeng bayaran ang loan ng hanggang 10 taon.

13. Pwede bang pumili ng loan amount at payment term ang borrower?

Oo, may option ang member kung magkano ang kanyang utangin basta't hindi lalagpas sa amount na itinalaga base sa PPP, BMS, at employment status ng member. Mayroon din syang option na piliin ang mas maikling payment term ayon sa sumusunod:

- a. para sa permanent employees without term/tenure: 3 or 5 years
- b. para sa non-permanent at permanent with term/tenure: 2 or 5 years
- c. para sa special members na may MOA with the GSIS: 3 or 5 years
- d. kung may existing HELP account: 3 or 5 years

14. Nag-avail ako ng MPL noong February 2021 at 7 years to pay ang loan ko. Pwede ko bang i-renew ang MPL ko ngayon under MPL Plus, kahit may arrears ako sa GFAL at emergency loan?

Ang mga nakapag-avail na ng MPL ay pwedeng mag-renew sa ilalim ng MPL Plus hangga't may net proceeds sa computation ng kanilang loan renewal. Ang bagong loan ay ibabase na sa terms and conditions ng MPL Plus. Halimbawa, ang dating payment term na 7 years ay magiging 10 years na. Kahit may arrearages sa GFAL at emergency loan ay makakatuloy pa rin ang miyembro sa pag-avail ng MPL Plus.

Ibabawas sa magiging proceeds ng MPL Plus ang mga sumusunod:

- a. Outstanding balance ng lumang MPL;
- b. Interest in Advance;
- c. Advance Redemption Insurance Premiums;
- d. Service at eProcessing Fees; at
- e. Arrearages ng GFAL at EML.

15. Paano mag-apply ng MPL Plus?

Maaaring mag-apply ang member sa MPL Plus sa pamamagitan ng:

- a. electronic GSIS Member Online (eGSISMO; <http://egsismo.gsis.gov.ph/>)
- b. email sa handling GSIS office (<https://www.gsis.gov.ph/contact-gsis>)
- c. GSIS Wireless Automated Processing System (GWAPS) kiosks
- d. drop box na nasa GSIS offices
- e. over-the-counter kung offline ang GWAPS kiosk; nawawala o defective ang eCard o UMID card; temporary eCard lang ang hawak ng member; o hindi mabasa ang biometrics ng applicant.
- f. GSIS Touch mobile app na pwedeng ma-download sa *Google Play Store* o *Apple App store*

16. Kailangan bang i-certify ng agency-authorized officer (AAO) ng ahensya ng member ang kanyang MPL Plus application?

Oo, kailangan ng AAO certification ng MPL Plus application bago ito i-process ng GSIS.

17. Paano matatanggap ng borrower ang loan proceeds?

Ang proceeds ng MPL Plus ay ike-credit sa GSIS Unified Multi-Purpose Identification (UMID) card o electronic card (eCard) ng borrowers.

18. Kailan pwedeng mag-renew ng MPL Plus?

Maaaring mag-renew ng MPL Plus hanggang may net proceeds pero hindi dapat bababa sa Php5,000 ang net take-home pay ng member matapos ibawas ang lahat ng deductions.

19. Ano ang mangyayari sa outstanding loan balance kapag namatay ang borrower?

Kapag namatay ang borrower at up to date ang kanyang loan, ang outstanding loan balance niya ay ituturing na fully paid sa bisa ng loan redemption insurance o LRI.

Kasama ang LRI premium sa computation ng monthly MPL Plus loan amortization ng borrower.

20. Saan maaaring malaman ang mga iba pang karagdagang detalye tungkol sa MPL Plus?

Ang mga detalye ng MPL Plus ay maitatanong o mababasa sa mga sumusunod na communication channels ng GSIS:

- a. GSIS website (www.gsis.gov.ph)
- b. GSIS Facebook page ([@gsis.ph](https://www.facebook.com/gsis.ph))
- c. official email address ng GSIS (gsiscares@gsis.gov.ph)
- d. GSIS Contact Center:
 - Landline (kung nasa Metro Manila): 8847-4747
 - Globe o TM subscriber: 1-800-8-847-4747
 - PLDT/Smart, Sun, o Talk 'N Text subscribers: 1-800-10-847-4747

(END)